22. Ama, bigyan mo nawa ang mga kababaihan ng akses sa edukasyon at magandang mga oportunidad sa trabaho. Ilapit mo nawa sila sa Iyo at patatagin habang kanilang inaaruga ang kanilang mga pamilya. (Ps. 145:15)

23. Ama, marami sa mga kababaihan sa Honduras ay nagdurusa dahil nasasaksihan nila ang pagkalulong ng kanilang mga anak sa mga gangs. Palayin mo nawa ang mga kabataang iyo mula sa kanilang taliwas na pagkahumaling sa ganitong buhay. (2 Cor. 5:17)

24. O Diyos, bigyan mo nawa ang regional na pangkat sa U.S. ng mga puso na palaging ninanais na ikaw ang maluwalhati at manangan sa Iyo sa lahat ng kanilang ginagawa. (Isa. 41:13)

25. O Diyos, magbukas ka nawa ng mga pinto at magkaloob ng mga mapagkukunan para sa gawain ng TWR Women of Hope sa Paraguay upang maabot ang mga kababaihang nasa piitan sa pamamagitan ng salita ng kaligtasan ni Hesu Kristo. (1 Cor. 15:58)

26. O Diyos, dalangin namin na ang mga kababaihan sa Uruguay ay makilala ka, maunawaan na sila ay mahalaga sa Iyo at matutunang pahalagahan ang kanilang sarili. (Isa. 62:3)

27. Ama, salamat po sa maraming mga oportunidad na mayroon ang TWR Women of Hope sa Brazil na makapag ministeryo sa mga kababaihan sa pamamagitan ng mga konperensiya at mga pagtitipon. Nawa ang mga kababaihang ito ay mapatatag at lumago sa kanilang pag-ibig sa Iyo. (Eph. 1:17)

28. Panginoon, pagpalain mo nawa ang pangkat ng Paraguay ng mga magboboluntaryo at pinansiyal upang ang prayer calendar ay maisalin at maisagawa sa wikang Guarani ngayong taon. (Ps. 112:5)

29. O Diyos, hinihiling namin na ang mga kababaihang Peruvian ay mapakinggan ang mensahe ng ebanghelyo. (Rom. 10:17)

30. Pinupuri ka namin, O Diyos, na ang aming pangkat ng Purugay ay nakapagpapadala ng mga prayer calendars sa pamamagitan ng social media at nakapagtitipon para manalangin sa pamamagitan ng internet. (Ps. 118:1)

31. Magdulot ka nawa ng kagalingan at pagkakapanumbalik, Panginoon, sa mga kababaihan sa Dominican Republic na mga biktima ng karahasan sa kanilang tahanan. (Isa. 33:2)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다

# Women of Hope
## Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



**2023. 1.**
**Panalangin para sa Hilaga at Timog America**

Isang bagong araw ang nagbubukang liwayway. isang bagong taon ang nagpasimula. Saan patungo ang buhay mo sa taong ito? Anong mga pagbabago ang inaasahan mo sa iyong buhay sa taong ito? Kasama ng pagbabago ay ang pag-unlad, at sa pag-unlad ay dumarating ang pagbabago. Nawa ay mas umunlad ang iyong pananalangin lalo na para sa iba. Babaguhin nito ang iyong buhay. Madaragdagan ang pagmamahal mo para sa iba.

**TWR Korea 북방선교방송**

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층

전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

**Nawa'y ipanalangin po natin…**

1. O Diyos, pahalagahan nawa ng mga kababaihang Uruguayan ang kanilang mga sarili at huwag hayaan na gamitin sila na mistulang bagay para sa kanilang kasiyahan kapalit ng pera. (Ps. 34:5)

2. Pinupuri ka namin, Panginoong Diyos, para sa mga tao sa Bonaire na nagbahagi ng kanilang mga patotoo sa aming Facebook page. Ang kanilang patotoo nawa ay makapagdala ng pag-asa sa iba. (Ps. 66:16)

3. Panginoon, ang mga mensahe nawa ng *Women of Hope* na nasa mga media players na naipamamahagi ng Canada para sa mga bansa sa buong mundo ay makapaghatid ng kapayapaan sa mga tagapakinig, kagalingan at relasyon sa Iyo. (Isa. 55:10-11)

4. Panginoon, kasangkapanin mo nawa ang aming YouTube channel, na mayroong linguhang devotional na mga video na nasa sign language, na makapag-akay pa sa Iyo ng mga kababaihan sa Brazil at makatulong sa paglago nila sa pananampalataya. (2 Pet. 3:18)

5. O Diyos, dulutan mo nawa ang aming pangkat sa Paraguay ng pagnanais pa na lumawak ang saklaw ng radio nila sa palibot ng bansa sa pamamagitan ng mga programa sa Spanish, German at Guarani. (Isa. 54:2)

6. Ama, magsugo ka nawa ng mga magboboluntaryo na may dedikasyon sa Iyo at para sa pag-abot sa iba upang makatulong sa regional na pangkat na nasa U.S. sa gawaing ibinigay mo sa kanila. (1 John 3:18)

7. Panginoon, dalangin namin ang iyong habag para sa mga kababaihan sa Hondura na nagdurusa ng karahasan sa loob ng kanilang tahanan. Magkaloob ka po nawa ng paraan na makalabas sila sa ganitong kalagayan. (Isa. 25:4)

8. Ama, dalangin namin ang mga babaeng nasa piitan sa Dominican Republic na mapakinggan nila ang mensahe ng ebanghelyo, mailapit sa Iyo at masumpungan ang kanilang kalayaan sa kanilang relasyon sa Iyo. (Acts 3:19)

9. Panginoon, magdulot ka nawa ng kapayapaan sa mga kababaihan sa Honduras na naiwang mag-isa dahil ang kanilang mga anak at asawa ay nag-migrate sa ibang mga bansa para matakasan ang kahirapan at kriminalidad sa kanilang bansa. (Phil. 4:6)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

10. O Diyos, pinupuri ka namin na ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagkakaroon ng malalim na relasyon sa Iyo ng dahil sa Gawain ng TWR Women of Hope. (Prov. 3:5-6)

11. Mahal naming Diyos, magkaloob ka nawa ng magsisilbing matatag na samahang tutulong para sa mga walang asawang Brazilian na mga Ina na kailangang magtrabaho at alagaan ang kanilang mga pamilya. (Gal. 6:2)

12. Ama, pinupura ka namin para sa iyong pagtugon sa mga panalangin at pagbibigay kakayahan sa pangkat ng Paraguay para maihatid ang iyong Salita sa mga batang kababaihan sa isang koreksiyonal na pasilidad para sa mga wala pa sa husotng gulang. (Gal. 6:9)

13. Ama, bigyan mo nawa ang mga pangkat sa Canada ng kakayahan na makita at maipatupad ang mga bagong oportunidad na ipinagkakaloob mo para maabot ang mga kababaihan sa kanilang bansa.

14. O Diyos ipinapanalangin namin ang mga dalaginding sa ruguay na nagtatangkang magpakamatay. Makasumpong nawa sila Iyo ng dahilan para mabuhay. (Ps. 42:11)

15. Panginoon, bigyan mo nawa ng karunungan ang mga lider ng aming global na pangkat sa kanilang pagsisimulang pagplano kung paano mabubuo at maisasagawa ang *Precious and Beloved*, ang aming bagong TWR Women of Hope na programa. (Prov. 2:6)

16. Ama, magtaguyod ka po nawa ng isang lumalago, makadiyos na mga kababaihan sa Brazil na makapagpapalakas sa ibang mga kababaihan sa kanilang paglakad sa Iyo. (Matt. 28:19-20)

17. Mahal naming Diyos, nawa ang mga batang kababaihang Colombian at mga batang babae na nakararanas ng *identity* crisis ay mayakap ang iyong layunin at desinyo para sa kanila. (1 John 3:1)

18. Amang Diyos, ang mga tao sa Bonaire ay batid na ang mabuting mga lider ay nagmumula sa Iyo. Bigyan mo nawa sila ng karunungan na maging matalino sa pagboto. (Matt. 20:26)

19. Pinupuri ka namin, O Diyos, na ang pangkat ng Paraguay ay naibabahagi na ang iyong Salita sa pamamagitan ng isang minuto, sa wikang Guarani, na mga video sa social media. (Matt. 4:4)

20. Ama, nawa ang mga kababaihang Panamian ay hindi mahimok sa pagbebenta ng laman ng mga mapanlinlang na alok na trabaho sa ibang bansa na may malaking sahod. (Prov. 19:20)

21. Ama, protektahan at pagalingin ang mga kababaihan at mga bata sa Uruguay na nakararanas ng karahasan sa pamilya. Baguhin mo nawa ang mga puso ng mga nananakit sa kanila. (Ps. 28:6)